## Kabataang Pilipino: Pag-asa o Problema ng Bayan?

## IV. PAANO HAHARAPIN ANG MGA THREATS PARA SA MAGANDANG KINABUKASAN

Mahalaga na alam ng katabataang tulad mo ang mga threats na kakaharapin o hinaharap mo at kung saan ito nagmumula. Malaking advantage din na nauunawaan mo na ikaw ay nahaharap sa isang labanan araw-araw upang magawa mo kung ano ang tama. Kailangan na matuto kang manindigan sa kung ano ang **totoo** (sang-ayon sa salita ng Diyos), **mabuti** (nakapagbibigay kasiyahan sa Diyos) at **tama** (sang-ayon sa kalooban ng Diyos) upang maging matagumpay sa threats na hinaharap at kakaharapin.

Isang paraan upang ikaw ay magtagumpay ay ang matutong dumepensa (play defense). Ang salitang *defense* ay nangangahulugan na isang aksyon ng pagtatanggol o paglaban sa pag-atake. Dahil natutuhan mo na ang iba't-iba mong kalaban at ang iba't-ibang paraan nila ng pag-atake, dapat ay alam mo kung paano mo dedepensahan ang iyong sarili upang mapagtagumpayan ang mga ito.

**TIME OUT**

Saan dapat naninindigan ang isang kabataang tulad mo upang magtagumpay sa mga threats na kinakaharap?

____________________________________________________

Ano any layunin kung bakit kailangan matutong dumepensa ng kabataang tulad mo?

____________________________________________________

**PAG-ARALAN:**
Basahin ang mga talata at sagutin ang mga tanong.




**Santiago 4:7**
Kaya nga, pasakop kayo sa Diyos. Labanan ninyo ang diyablo at lalayuan niya kayo.

*Submit yourselves therefore to God. Resist the devil, and he will flee from you.*

**Galatia 5:16**
Sinasabi ko sa inyo, mamuhay kayo ayon sa Espiritu at hindi ninyo pagbibigyan ang mga pagnanasa ng laman.

*But I say, walk by the Spirit, and you will not gratify the desires of the flesh.*

**Mga Awit 119:11**
Ang banal mong kautusa'y sa puso ko iingatan, upang hindi magkasala laban sa iyo kailanman.

*I have stored up your word in my heart, that I might not sin against you.*

**Mateo 6:13**
At huwag mo kaming hayaang matukso, kundi iligtas mo kami sa masama! [Sapagkat iyo ang kaharian, at ang kapangyarihan, at ang kaluwalhatian, magpakailanman! Amen.]

*And lead us not into temptation, but deliver us from evil.*

**Mateo 26:41**
Magbantay kayo at manalangin upang huwag kayong madaig ng tukso. Ang espiritu'y nakahanda ngunit ang laman ay mahina.

*Watch and pray that you may not enter into temptation. The spirit indeed is willing, but the flesh is weak.*

**2 Timoteo 3:2-5**
Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa sarili, maibigin sa salapi, palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. Sila'y magiging walang pagmamahal sa kapwa, walang habag, mapanirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, marahas, at walang pagpapahalaga sa mabuti. Sila'y magiging mga taksil, padalus-dalos, mayayabang, maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos. Sila'y may anyo ng pagiging maka-Diyos, ngunit hindi naman nakikita ang kapangyarihan nito sa kanilang pamumuhay. Iwasan mo ang ganyang uri ng mga tao.

*For people will be lovers of self, lovers of money, proud, arrogant, abusive, disobedient to their parents, ungrateful, unholy, heartless, unappeasable, slanderous, without self-control, brutal, not loving good, treacherous, reckless, swollen with conceit, lovers of pleasure rather than lovers of God, having the appearance of godliness, but denying its power. Avoid such people.*

Anong paraan ng pag-depensa ang itinuturo sa iyo ng bawat talata na iyong binasa?

a. Santiago 4:7 - ____________________________________________

b. Galatia 5:16 - ____________________________________________

c. Mga Awit 119:11 - ____________________________________________

d. Mateo 6:13 - ____________________________________________

e. Mateo 26:41 - ____________________________________________

f. 2 Timoteo 3:2-5 - ____________________________________________

____________________________________________

**PAG-USAPAN:**

Marami ang naniniwala na sa larong basketball mas mahalaga ang magaling sa defense kaysa offense. Kung magaling ang defense, hindi makaka-score ang *offense*. Ganyan din sa teen-age

life. Marami ang gustong mang-agaw ng iyong buhay, hindi lamang si Kamatayan, kaya kailangang matuto ka kung paano mag-develop ng magandang *defense*.

Ang good defense sa premarital sex ay ang huwag makipag-date bago magdisi-ocho anyos. At kung 18 years old na, mag-aral muna ng tamang paraan ng pagde-date bago tuluyang mag-date. Huwag ipagsapalaran ang isang magandang kinabukasan. Magdesisyon agad na maghihintay ng tamang panahon.

Magbigay ng isang halimbawa ng good defense sa pre-marital sex na iyong naiisip.

Ang good defense sa substance abuse at illegal drugs ay ang huwag sumubok nito. Madalas na nagsisimula ito sa patikim-tikim na kadalasan ay mahu-hook ka na hanggang ito ay magiging bisyo na. Kapag hindi na nakontento sa alak at sigarilyo, naghahanap na ng mas matindi dito. Ang droga ay kamag-anak ni Kamatayan dahil buhay pa ang biktima ay para siyang patay na. Ang tumanda na durogista ay parang walking dead. Wala na sa tamang pag-iisip. Nasa ibang planeta na. Subalit, maski ganoon na kalantad ang masamang epekto ng illegal drugs, parami nang parami pa rin ang nasasaklaw nito.

Magbigay ng isang halimbawa ng good defense sa substance abuse or illegal drugs na iyong naiisip.

Ang good defense sa sugal ay umiwas dito at gamitin ang pera sa mas mahalagang pangangailangan. Kung may sobra kang pera, i-save ito bilang emergency fund.

Magbigay ng isang halimbawa ng good defense sa sugal na iyong naiisip.

Sabi sa 1 Corinto 15:33 Huwag kayong palokoko. “Ang masasamang kasama ay nakakasira ng mabuting pagkatao.” Ibig sabihin, ang good defense pag dating sa masamang barkada ay ang umiwas dito.

Magbigay ng isang halimbawa ng good defense sa masamang barkada na iyong naiisip.

Ang mga sumusunod ay ilang payo lamang para makapag-develop ng good defense:

- ✓ Magdasal agad-agad paggising sa umaga; humingi ng kalakasan sa Diyos.
- ✓ Bago lumabas ng bahay, italaga ang sarili to just say no kung may haharaping tukso.
- ✓ Pagbulay-bulayan ang mga payo ng magulang at mga natutuhan sa school habang naglalakad o nakaupo sa jeep o tricycle (huwag tumunganga o tumingin sa kawalaan).
- ✓ Pag-isipan kung ano ang plano ng Diyos para sa iyong buhay; kung paano ito madi-discover.
- ✓ Husgahan agad-agad ang mga maling ginagawa o sinasabi ng mga sikat na artista sa cine o sa telebisyon; kung hindi ay baka madala ka pa nila.
- ✓ Huwag magbabad sa panonood ng telebisyon o sa anumang social media; maging mapili kung ano ang panonoorin.

Handa ka na bang manindigan at hasain ang iyong defense strategy upang mapagtagumpayan ang mga hinaharap o kakaharapin mong threats sa buhay?

**PAG-BULAYBULAYAN:**

| | |
|---|---|
| Natutunan ko na | mahalaga ang may good defense sa panahon na may kinakaharap na threat sapagkat: |

**Verse of the Day:**

Sapagkat ang mga tao'y magiging maibigin sa sarili, maibigin sa salapi, palalo, mapagmataas, mapagsamantala, suwail sa magulang, walang utang na loob at lapastangan sa Diyos. Sila'y magiging walang pagmamahal sa kapwa, walang habag, mapanirang-puri, walang pagpipigil sa sarili, marahas, at walang pagpapahalaga sa mabuti. Sila'y magiging mga taksil, padalus-dalos, mayayabang, maibigin sa kalayawan sa halip na maibigin sa Diyos. Sila'y may anyo ng pagiging maka-Diyos, ngunit hindi naman nakikita ang kapangyarihan nito sa kanilang pamumuhay. Iwasan mo ang ganyang uri ng mga tao.

**2 Timoteo 3:2-5**